AHA! LEARNING CENTER'S
**ESKWELANG PAMILYA**
/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
**Aralin 78**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 78** |
|---|
| Theme: Ang Kaibigan Kong Sirena - Ang Aming Huling Pagkikita |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Ang Kaibigan Kong Sirena : Ang Aming Huling Pagkikita**

**WRITING PROMPT LESSON 78**
---

**I.Pagbati**
Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa linggong ito, babalikan natin ang ala-ala ng ating bida noong siya'y bata pa, dahil matagal na ito, atin siyang tutulungang buuin ang kanyang kwento! Sa nakaraang araw, nakilala natin si Reina ang batang sirena, siya ay may mga damit at palamuti sa katawan na masasabi nating basura, ating alamin ang mga susunod na mangyayari sa kwento ng ating bida.

**II.Writing Prompt of the Day**
Makwento si Reina, ako daw ang unang taong kaibigan niya. Bilang tanda ng aming pagkakaibigan, binalik niya ang tsinelas ko. Sabi niya gagawin niya daw sanang palamuti ito sa kanyang kwarto sa ilalim ng dagat.

Araw-araw kaming naglalaro ni Reina, nagvovolleyball sa tubig, patagalan ng paghinga sa ilalim ng tubig, naging matalik kaming magkaibigan. Nakwento niya rin na marami daw siyang kayamanan sa ilalim ng tubig at kada-araw nagdadala siya

ng isa. Tulad ng mga babasaging bote ng softdrinks, mga maliliit na gulong na tila tinapon na lamang sa tubig. Nariyan din ang mga palamuti niyang ginagawa niya pulseras o kaya kwintas tulad ng mga retaso ng plastic na hugis bilog, mga tansan at laruang plastik na sundalo na ginagawa niyang hikaw.

Kaya nang minsang magtapon si Ate ng mga palamuti niya sa katawan, hiningi ko ang ilan sa mga iyon, sabi ko ibibigay ko sa kaibigan ko, eh, hinayaan niya kong kunin ang ilan dun. Natuwa si Reina sa isang kwintas, dalawang pulseras at isang pares ng hikaw na ibinigay ko.

Ngunit tulad ng lahat ng kwento, lahat ay nagtatapos. Nagtayo ng isang pabrika ng plasik malapit sa aming bayan. Ang mga kemikal na kanilang tinatapon ay sumira sa aming mga kabukiran at tuluyang umabot sa aming dagat. Magmula nang nagsimula iyon, hindi ko na rin nakita si Reina. Hindi ko alam kung buhay pa ba ang aking kaibigan ngunit ngayon na nagtapos na ako at isa nang Marine Biologist, isa sa aking misyon ay maprotektahan ang ating mga katubigan. Nasaan man si Reina, pinamulat niya sa akin ang kahalagahan ng ating mga katubigan. Di ko man alam kung san siya naroroon, ang puso ko ay nasa karagatang kanyang tahanan.

Bigyang detalye at tukuyin natin kung ano ang ibig sabihin ng ilan sa mga sinabi ng ating bida!

•Sa tingin mo, anong ugali meron si Reina at naging magkaibigan sila ng bida kahit siya ang kumuha ng tsinelas ng bida?
•Hindi nabanggit sa kwento ang pangalan ng bida, kung bibigyan mo ng buong pangalan ang bida, anong ibibigay mo sa kanya?
•Si Reina ay nangongolekta ng mga bagay na matatawag nating basura, anong ibig sabihin nito sa klase ng tubig na tinitirhan ni Reina?
•Bakit kaya nagbigay ang bida ng totoong mga palamuti sa katawan kay Reina?
•Ilarawan ang hikaw na ibinigay ng bida kay Reina. (Maaaring gamitin ang imagination upang malarawan ito!)
•Ano kaya ang nagtulak sa bida na maging isang Marine Biologist? (Maaaring isearch, itanong, o basahin ng maigi ang nakasulat upang malaman kung ano ang maaaring ibig sabihin ng Marine Biologist.)

**III.Teacher's Message**

Ano kayang mangyayari sa kwento? Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Excited na kaming malaman ang inyong kwento. Tandaang gamitin ang mga tanong upang mabuo ang iyong kwento.

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."